3

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Gawaing Pampagkatuto sa Good Manners and Right Conduct (GRMC)

Kuwarter 1

Linggo 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC 3**
**Kuwarter 1: Linggo 2**

Ang materyal na ito ay inilaan upang gabayan ang mga guro sa pagtuturo at suportahan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong magsilbing batayan sa epektibong paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto na inaasahan sa bawat aralin.

Ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), sa pakikipagtulungan sa Filipinas Copyright Licensing Society, Inc. (FILCOLS), ay nagsisigurong alinsunod sa Republic Act No. 8047 ang pagbuo at paglilisensya ng mga kagamitang pampagkatuto para sa mga pampublikong paaralan. Ang FILCOLS, bilang opisyal na kinikilalang kolektibong organisasyong namamahala sa karapatang-ari para sa sektor ng teksto at larawan, ay nangangasiwa, naglilisensya, at nagpapatupad ng mga karapatan sa pagpaparami ng mga akda sa ngalan ng mga may-akda, tagapaglathala, at iba pang may hawak ng karapatang-ari.

Sa ilalim ng isang hindi eksklusibong kasunduan sa paglilisensya, ang FILCOLS ay nagkakaloob ng pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon na muling gamitin ang mga may copyright na akda sa pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto, na may kaukulang maliit na bayad. Napakahalaga ng pakikipagtulungang ito upang matiyak ang patuloy na akses ng mga mag-aaral sa mga kagamitan para sa pagkatuto, lalo na sa mga pagkakataong may pagkasira o pagkawala ng mga aklat dahil sa mga sakuna.

Tanging ang mga institusyon at entidad na may kasunduan sa FILCOLS ang may pahintulot na magparami ng mga materyal na ito. Ang sinumang hindi awtorisadong partido ay kailangang humingi ng direktang pahintulot mula sa mga may hawak ng karapatang-ari. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.filcols.org o magpadala ng email sa filcols@gmail.com.

Walang bahagi ng materyal na ito, kabilang ang orihinal at hiniram nitong nilalaman, ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang pasulat na pahintulot mula sa Kagawaran ng Edukasyon.

Sinikap na matiyak ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos-pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development at RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project, pati na rin sa UNICEF, para sa kanilang suporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng mga kagamitang pangpagkatuto para sa MATATAG Kurikulum.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim : Sonny M. Angara
Pangalawang Kalihim : Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Mga Manunulat:** Rizaldy R. Cristo, Krissel B. Quemquem
**Mga Tagasuri:** Melynda T. Andres, Joselita B. Gulapa Edwin C. Pameroyan, Lourdes T. Jasmin
**Mga Tagaguhit:** Neil J. Arado, Eric de Guia
**Mga Tagalapat:** Angeline E. Liwanag, Paul Andrew A. Tremedal

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)**
Office Address: Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985
Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph

# MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

## UNANG ARAW

## Gawain 1

**Panuto:** Pag-aralan ang mga salita/parirala sa ibaba at tukuyin kung ito ay nagpapakita ng paraan ng pag-iimpok o hindi pag-iimpok. Gawin itong kolum at isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel o kuwaderno.

| |
|---|
| Pagbili ng mamahaling kagamitan |
| Pag-iimpok sa bangko ng pera |
| Pagbili ng mga alahas |
| Pagbili ng sobrang pagkain |
| Paglalagay ng natirang baon sa alkansya |

| PAG – IIMPOK | HINDI PAG-IIMPOK |
|---|---|
| | |

## Gawain 2

**Panuto:** Basahin ang pangungusap sa ibaba at **BILUGAN** ang bilang na nagsasabi ng tamang paraan ng pag-iimpok. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Magkaroon ng disiplina sa sarili.
2. Magpabili sa iyong mga magulang ng lahat ng iyong gustong laruan.
3. Iwasan ang pagbili ng mga matatamis na kendi at sirsirya.
4. Matutong makuntento sa mga bagay na naibibigay ng iyong mga magulang.
5. Magbukas ng *bank account* sa bangko upang makapag-ipon ng pera.

## MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

### IKALAWANG ARAW

### Gawain 1

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Iguhit ang masayang mukha ☺ sa patlang kung ito ay may nagpapakita ng PAGTITIPID at malungkot naman na mukha ☹ kung HINDI. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

________ 1. Tumulong sa pagsasaing ng tamang dami ng bigas ayon sa bilang ng kasapi ng pamilya.

________ 2. Pagkuha lamang ng wastong dami ng pagkain na kayang ubusin.

________ 3. Pababayaan na tuloy-tuloy na pagpapatulo ng tubig mula sa gripo habang naglalaba.

________ 4. Pagbili lamang ng masustansiya at tamang dami ng pagkain sa oras ng *recess*.

________ 5. Pabayaang nakabukas ang telebisyon sa sala kahit ikaw ay nasa kuwarto.

**Gawain 2**

**Panuto:** Dugtungan ng sariling paliwanag ang bawat pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. Ipagpapatuloy ko ang kaugaliang pagtitipid para ________________________________________.
2. Inaalagaan ko ang aking mga gamit sa paaralan upang __________________________________.
3. Gumagamit ako ng tabo at timba sa tuwing ako'y maliligo para __________________________________.
4. Ihuhulog ko sa bangko ang perang naipon ko para ________________________________________.
5. Tuturuan ko ang aking mga kapatid na __________ ________________________________________.

## MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

## IKATLONG ARAW

### Gawain 1

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **TAMA** kung ang sinasaad ng pangungusap ay tama at **MALI** kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

________ 1. Kung ang pamilya ay nagkakaisa at nagtutulungan sa pagtitipid at pag-iimpok sila ay mas handa sa hamon ng buhay.

________ 2. Makinig sa pamilya para sa tamang pag-iimpok at pagtitipid.

________ 3. Sa bawat pagtatabi ng pera madami tayong mabibili kahit hindi kailangan.

________ 4. Ang pag-iimpok ay paghahanda para sa magandang buhay.

________ 5. Ang pagiging mapanuri at maingat sa paggastos ay mahalaga.

**Gawain 2**

**Panuto:** Punan ng angkop na salita ang patlang upang mabuo ang diwa ng talata. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| pag-iimpok | pamilya | magagawa | gawi | kinabukasan |

Sa aking palagay, malaki ang ___________ ng aking ______________ upang matutuhan ko ang wastong ______________ at pagtitipid. Dahil dito, sisiguraduhin ko na magagamit ko ang mga wastong ___________ na aking natutuhan upang masigurado ko ang aking magandang _____________.

## MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO


## IKAAPAT NA ARAW

**Gawain 1**

**Panuto:** Sumulat ng limang pamamaraan para maipakita ang pagmamalasakit sa kapuwa. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**"Ang aking mga Matulunging Kamay"**

**Narito ang aking mga…**




**Ginagamit ko ang aking mga __________ atulunging __________ amay upang…**



**Gawain 2**

**Panuto:** Punan ng angkop na tugon ang sitwasyon sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

A. Kung bibigyan ka ng pagkakataon ng gamitin ang iyong naipong pera, saan at paano mo ito gagamitin?

**REFLECTIVE JOURNAL**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

B. Bilang mag-aaral ano ang *hash tag* mo upang ipakita ang pagmamalasakit sa iyong kapuwa. Gamitin ang **#Panata Ko**.